# Hello mula sa THAILAND!

*Alamin ang tungkol sa mga anak ng Ama sa Langit sa buong mundo.*





SONGKRAN FESTIVAL

**Ang Thailand ay isang bansa sa Southeast Asia. Mga 72 milyong tao ang naninirahan doon.**

Ipinagdiriwang ng mga tao sa Thailand ang kanilang bagong taon sa pinakamalaking sabuyan ng tubig sa mundo. Sinasabuyan nila ng tubig ang isa't isa para maalalang hugasan ang masasamang bagay. Tumatagal ito nang tatlong araw!





TIGER CAVE

Ang Tiger Cave Temple ay isang Buddhist temple kung saan sumasamba at nagdarasal ang maraming tao. Para makarating doon, kailangan mong akyatin ang 1,260 baitang papunta sa taas ng isang bundok. May mga bakas ng paa ng tigre sa loob ng kuweba!





MGA PALENGKENG NAKALUTANG SA TUBIG

Sa Thailand, maaaring mamili ang mga tao sa mga bangka sa ilog, tulad ng maliliit na tindahang nakalutang sa tubig. Ang mga ilog ay isang paraan ng paglalakbay sa paligid ng kabisera ng lungsod. Maraming gusali na nakapatong sa mga nakatayong poste para manatili ang mga ito sa ibabaw ng tubig.

MGA LARAWANG-GUHIT NI MACKINZIE REKERS




WIKA

Thai ang opisyal na wika ng bansa. Ang alpabetong Thai ay may 72 character.






AKTIBIDAD

## Snake Bites Tail

Pumili ng isang taong gaganap na snake 1 at ng isa pang gaganap na snake 2. Tatayo ang lahat ng iba pa sa likod ng snake 1 at hahawak sa taong nasa harap nila. Susubukan ng snake 2 na lampasan ang snake 1 at hahatakin ang tao sa hulihan nito hanggang sa makabitiw ito sa linya. Sinumang makabitiw ay hindi na kasali!



RESIPE

## Som Tam

Ang green papaya salad ay isang karaniwang resipe sa Thailand. Narito ang isang bersyon na maaari mong subukan!

1. Sa isang malaking mangkok, paghaluin ang **1 ½ kutsarang palm sugar (o brown sugar), 1 ½ kutsarang patis (o toyo),** at **2 kutsarang katas ng kalamansi**. Haluin hanggang sa matunaw ang asukal.
2. Tadtarin ang **2 butil ng bawang** at ang **1 o mas marami pang siling pula**. Pagputul-putulin ang **3 bitsuelas**. Hiwain sa 8 ang **1 kamatis** mula sa gitna nito.
3. Balatan ang **1 hilaw na papaya (o 3 berdeng mansanas)**. Gadgarin o hiwain nang maninipis.
4. Idagdag ang lahat sa mangkok at haluin.

Salamat sa pamilya ni Panya sa pagbabahagi ng resipeng ito!